

1

Sinipat ni Taylor ang sarili sa salamin ng ornate rest room ng *Manila Hotel*. Her makeup looked fresh, and her dress was perfect. Isa iyong pale ivory strapless gown, floor-length. Her hair was pulled up in a loose updo, at kumikinang ang teardrop diamonds sa magkabila niyang tainga—the only accessories she wore, along with her ruby encrusted clutch.

“Wow, you are stunning tonight!” anang boses mula sa pintuan. Nilingon niya ito. Si Agnes; isa ito sa mga katrabaho niya. Abogado rin ito at katulad niya ay tatlong taon pa lamang sa *Narvaez, Padilla, Uytingco and Associates*, ang law firm na kanilang pinapasukan. Ang kaibahan lang ay may asawa at anak na ito, samantalang siya ay single at unattached sa edad na beinte-nueve.

“Thank you, ikaw rin,” aniya. Pumasok ang babae at katulad niya ay sinuri ang sarili sa salamin.

“Did he say hi to you?” biglang tanong nito habang nagwiwisik ng pabango sa likod ng mga tainga. Agnes was pretty in a mestiza way, lamang ay nananaba na.

Taylor shrugged. “We didn’t have the chance. Marami kaming kausap na ibang tao.” Hindi na siya nagkunwaring hindi alam kung sino ang tinutukoy nito. Kung mayroon man siyang masasabing close friend sa trabaho ay si Agnes iyon. Most of her law school buddies had drifted off to other firms at miminsan na lang kung magkita-kita sila.

“Nakaangkla ang babae the whole night. She was also looking at your direction, na para bang natatakot na lumapit ka,” anito habang tinitingnan isa-isa ang mga cubicles. Naniniguro siguro itong walang ibang okupante ang rest room maliban sa kanilang dalawa. Taylor understood her caution, considering the high-profile personalities they were talking about.

“She need not have bothered. Matagal na kaming hindi nag-uusap o nagkikita,” nonchalant na sabi niya. The words brought a pinch to her heart, pero hindi niya iyon ipinahalata sa kausap. She could cry and break down in the privacy of her house, pero nunca niyang ipakikita kahit pa sa taong maituturing niyang kaibigan ang tunay na estado ng kanyang emosyon pagdating kay Alfon, ang taong kanilang pinag-uusapan.

“Di mo siya masisisi. Masyadong kontrobersyal ang mga pangyayari. Ikaw ba, ayos lang?” Hinawakan

nito ang punong braso niya

“I am fine, Agnes,” maikling sagot ni Taylor at isinara na ang clutch. Kontento na siya sa ayos. Isa pa, ayaw na niyang magtagal sa loob ng rest room. Alam niyang concerned lang sa kanya si Agnes bilang isang kaibigan, ngunit hindi niya gustong buksan ang puso sa kahit na sino. Tama na ang awang alam niyang nararamdaman ng lahat para sa kanya.

Puwede na siyang umuwi kung tutuusin. Napilitan lang siyang magpunta dahil tungkulin niya iyon bilang isang associate na makihalubilo kasama ang mga big bosses ng firm pati na rin ang mga kliyente sa annual testimonial dinner.

“Mauna na ako sa ’yo,” paalam niya rito at lumabas na ng rest room. Tinungo niya ang sariling lamesa kasama ang iba pang katrabaho. Nang maupo siya ay tinungga niya ang tubig na laman ng goblet. Luminga-linga siya. Her table was empty. Ang mga ka-share niya sa lamesa ay nagsipagtayo na matapos ang dinner. Karamihan ay nasa dance floor at kasayaw ang mga asawa o girlfriends o boyfriends ng mga ito, samantalang ang iba ay kahuntahan ang big bosses.

From the corner of her eyes, nahagip niya ang isang babaeng nakasuot ng royal blue gown. Iyon si Carmela Uytingco, ang tinutukoy ni Agnes kanina sa

rest room. The woman was tall and stately, with fairer skin dahil na rin sa Chinese heritage nito. Pinakulot nito ang buhok para sa okasyon. The long, haltered gown she wore flattered her figure and made her look taller than she already was.

Lumipat ang paningin niya sa katabi nito, si Alfon. Her first boyfriend. Her boyfriend of five years, who broke up with her a year ago. Nais niyang matawa dahil mas matangkad ng isang pulgada marahil si Carmela kaysa kay Alfon. But what the man lacked in height, he more than made up for in stature—batid ni Taylor na alaga ang katawan nito sa gym at wala itong bisyo. Iyon ang rason kung bakit mukha pa rin itong bata sa edad na treinta-y-nueve.

Nagtama ang mga paningin nila. Handa na sana siyang ngitian ito for the sake of civility, pero kaagad na nagbawi ng paningin ang lalaki. Tumalikod pa ito at iginiya ang kasama patungo sa opposite na direksyon. Nakaramdam ng pagkapahiya si Taylor. Ano ang ibig sabihin niyon? Noong nakaraang buwan ay nagagawa nilang maging polite sa isa't isa dahil di maiiwasang magkasama sila sa isang kaso. Sa trabaho, sinikap niyang maging professional at ibukod ang personal issues dahil mahalaga para sa kanya ang career.

Sinikap niyang huwag makadama ng hinanakit; matagal na silang hiwalay at dapat ay hindi na siya naapektuhan nang ganoon. Pero ang isiping pinakaiiwasan na siya ng dating nobyo ay nakakasakit sa ego niya. Ganoon ba siya ka-unwanted na kahit simpleng sulyap lang ay hindi nito maatim na bigyan siya?

Tumigil ang tugtog. Nakita niyang nagsibalikan ang mga kasama sa mesa. Nakita niyang umakyat si Ferdinand Uytingco sa podium. Isa ito sa mga senior partners ng firm at siyang ama ni Carmela, ang nobya ngayon ng ex-boyfriend niya.

“Good evening, everyone. I hope you are all enjoying the night,” bati nito nang makuha ang mikropono. Ilang saglit pa itong nagpawala ng standard jokes. The audience laughed obligingly.

Agnes sat behind Taylor. “Ano na naman kaya ito?” bulong nito sa kanya. Nagkibit-balikat siya.

“And now, she’s all grown up and even taller than I am,” Atty. Uytingco added. Gentle laughter rippled across the room. The older man was talking about Carmela.

Makalipas ang ilang segundo ay in-announce nito ang appointment ni Alfon Guerrero bilang isa sa mga

junior partners ng firm. Nagkatinginan sina Agnes at Taylor. Umakyat ang binata at kinamayan nito ang senior partner. Nagpalakpakan ang lahat. Nagpatuloy pa sa pagsasalita ang nakatatandang Uytingco.

“And it is my great pleasure to announce, on this night, that my darling daughter, Carmela and one of my most promising partners in this firm, Alfon... are engaged to be married!”

Ikinagulat ng mga tao ang announcement na iyon, gayunman ay nagpalakpakan ang mga ito.

“No freaking way,” narinig niyang bulong ni Agnes mula sa likuran. Everyone went upstage to congratulate the couple. May nagsimula ng isang toast.

So that was why Alfon looked so uncomfortable a while ago. The son of a bitch knew he was going to break her heart once more that night.

Sa pang-ilang libong beses, pinagmasdan ni Gio Roman ang façade ng kanyang bagong bahay. It was a two-level starter home, trimmed in rich green, at may covered garage sa harapan kung saan nakahimpil ang kanyang *BMW*. Midnight blue ang kulay niyon, a 2011 3Series convertible, isang 335is. Ang bahay

naman ay bunga ng kanyang dugo at pawis, to use a tired cliché. It was true, though. Hindi biro ang dinaanan niya upang makamit ang mga bagay na matagal din niyang pinangarap. A house and lot of his own, his own car, his own business. And all before he was even thirty.

Not bad. Not bad at all, Gio Roman, aniya sa loob-loob at binigyan ng imaginary tap of congratulations ang sarili.

Nagtatrabaho na siya sa isang car dealership kahit noong estudyante pa lang siya sa *Ateneo de Manila University* at kumukuha ng Business Administration. Ang kuya ng isa sa mga kaklase niya ay serious collector ng car accessories. Nagkayayaan silang magtayo ng maliit lang na trading business, na ang involved ay car accessories at car parts na rin. Mula sa maliit na buy and sell at trading ay naging full-blown business na iyon bago pa siya nag-graduate.

He went to work in Japan for a software company, at ginamit niya ang naipon doon sa loob ng limang taon para bumalik at palakihin pa lalo ang nasimulan nang business. Cars were and would always be Gio's first love. Nagsimula iyon nang pinamanahan siya ng kanyang lolo ng '65 *Thunderbird* sa kanyang sixteenth birthday. Hindi birong bagay iyon dahil bihira ang

mga genuine vintage cars na nag-e-exist sa Pilipinas. Hanggang ngayon ay alaga pa rin niya ang nasabing sasakyan sa bahay nila sa Alabang.

Ang lahat ng ipon ay pinang-down niya sa isang commercial space sa pusod ng San Juan City, malapit sa condominium buildings at tindahan ng sasakyan. He was flanked by *Isuzu* and *Kia* dealerships kung kaya confident siyang malakas ang puwestong napili niya. It came at a higher price than he could afford even with his savings, kaya nangutang pa siya sa kanyang mga ate para ma-raise ang kaukulang halaga.

He was able to buy not only the building but the land. Katuwiran niya, since plano niya ang magtagal sa business, hindi na niya pasasakitin ang ulo sa problema ng lease contracts. Ang madalas kasi roon, habang tumatagal ay tinataasan ng lessor ang renta. At puwede siyang paalisin kahit kailan.

At dahil ang bahay ng kanyang mga magulang ay sa Alabang pa ang lokasyon, naghanap siya ng matitirhan malapit sa trabaho para hindi hassle sa kanya. He planned to be hands-on in his business. Hindi siya komportableng ipinagkakatiwala sa ibang tao ang pamamalakad sa negosyo.

Habang tinititigan ang harap ay napagpasyahan

niyang patamnan ng mga bulaklak ang plant box sa tapat ng bintana. Kapag wala kasing nakalagay roon ay mistulang bare at forlorn iyon.

Walang anu-ano ay isang nakakarinding ingay ang pumutol sa kanyang pagmumuni-muni. It was the scream of tires on concrete, at makinang pinaparusahan. Lumingon siya at nakita ang isang itim at heavily tinted *Hyundai Tucson* na pabarumbadong ipinasok sa garahe ng katabi niyang unit. Muntik-muntikan nang masagi ng SUV ang mga oversized na banga na nakalinya sa harap ng bawat unit ng *Eden Gardens*.

Pabagsak na sumara ang pinto ng sasakyan at ilang saglit pa'y sumunod ang maingay na pagsasara ng front door ng unit ng may-ari ng SUV. Hindi nakita ni Gio ang driver dahil kaagad itong nakapasok sa loob ng bahay nito. Nakita niyang iiling-iling ang guwardyang nagsara ng gate sa unahan. Mga limang units lang ang layo niya mula sa front gate ng kanilang compound.

“One of these days, madidisgrasya ’yan,” pukaw ng isang tinig sa likuran ni Gio. It was the pretty woman who lived in the unit across his. Naglalabas ito ng basura. Nagpapalatak ito.

Pinagmasdan niya ang babae. She was taller

than the usual girl, maputi at mestisahin. Putting denim skirt at baby pink blouse ang suot nito. Noong naglilipat pa lang siya ay napapansin na niya ito. They exchanged smiles and perfunctory greetings. The girl was friendly and obviously trying to get his attention. Gio grinned back at her.

“I guess hindi ka ganyan magmaneho, ha?” aniya rito.

Umiling ang babae. “I don’t drive at all. Ayaw ni Papa na nagmamaneho ako,” simpleng sabi nito. Naisaayos na nito ang garbage bag sa loob ng malaking garbage bin sa harap ng unit nito, pero nanatili pa ring nakatayo sa gilid ng gate.

Tumango ang binata. Hindi na niya madugtungan ang sinabi nito. *Conversation killer*, naisip niya. Sabagay, naiintindihan niya ito. Few girls ever got thrilled with car talk. At siya naman, he could go on for hours and hours.

“Ako nga pala si Gio,” aniya rito. *What a pick-up line*, naisip niya. Lumapit siya at inilahad ang kamay sa kausap.

“I’m Marie. Dito ako nakatira.” Kinuha nito ang kamay niya at ang isa naman ay itinuro sa unit sa likuran nito.

“Ah, akala ko sadyang pumapasok ka lang sa unit ng may unit at ipinaglalabas sila ng basura,” biro niya.

Marie frowned at him. Hindi nito nakuha ang joke niya. Her hand was soft, though, and he didn't want to let it go kung hindi lang lumabas ang isang middle-aged na lalaki mula sa bahay nito.

“Marie!” tawag ng lalaki.

Kaagad na binitawan ng babae ang kamay ni Gio. “Yes, Papa,” anito at lumingon sa kanya. “Papasok na ako, nice meeting you.” Dali-dali na itong pumasok ng bahay.

Sinundan ni Gio ng tingin ang babae at kumaway nang bahagya sa papa nito. The man ignored him and went back inside. *Friendly neighbor*, naisip niya at tiningnan muli ang sariling unit.

Nag-wander ang paningin niya sa katabing unit at sa SUV na naka-park nang haphazard sa garahe. May putik-putik pa ang likod niyon pati ang gulong na parang nanuyo na. He winced at that. Mukhang hindi pa nadadala sa car wash ang naturang sasakyan nang ilang linggo. Kung gayon ay may katabi siyang teribleng driver. Interesting.

“Ma?” Magkahalong resignation at iritasyon ang bungad ni Taylor nang mapagbuksan ng pinto ang kanyang ina. Pakiramdam niya ay kahihiga pa lamang niya sa sofa. Kulang-kulang apat na oras lang ang tulog niya bago bumaba pa-Manila galing Baguio. She had a pleasant time, at ayaw pa sana niyang umuwi, but she had to be realistic. Marami siyang obligasyon na kailangang harapin. Marami ang maapektuhan kung patuloy siyang magtatago.

“Ni hindi mo man lang sinabing nakabalik ka na. Gan’un na ba ako kawalang-halaga sa ’yo, Taylor?” Nilampasan siya ni Esme at nagtuluy-tuloy sa loob na unit niya.

She had planned on hiding at home. Ayaw niyang lumabas o makipag-usap kahit kanino. Inihahanda niya ang sarili sa pagharap sa mga tao pagdating ng Lunes. Pero mukhang hindi na mangyayari iyon. Ang daming bitbit na grocery bags ng nanay niya.

“Ma, I’m sorry. Sobrang napagod ako sa biyahe so hindi na kita tinawagan. How did you know I’m already here?”

“Sinabihan ko ang guard n’yo na i-text ako kapag nakauwi ka na. Buti na lang, kilala niya na ako. Ano ba’ng nangyayari sa ’yo bata ka? Kung si Alfon lang—”

“Ma...” Taylor shuffled back to the kitchen table. Doon inilapag ng mama niya ang mga pinamili nito. Wala pang alas nueve kaya sigurado siyang hindi ito nanggaling sa grocery store. Mga gulay, manok, isda at prutas ang nakita niyang inaayos nito.

“Puro styrofoam ang nakikita ko rito. Mga karton. S’abi sa akin ni Elsa n’ung nadatnan ko siya ritong naglilinis, iyan lang daw ang alam mong kainin. Processed foods, fast food. Hindi kita pinalaking ganyan kaburara sa sarili mong kalusugan!” Parang dismayadung-dismayado ito.

“Ma, I eat fine. Wala lang akong panahong magluto.” At hindi niya hilig iyon.

“Pero maghapon kang tulog, gan’un? At nawawala ka ng isang linggo nang walang pasabi? Alam mo ba ang ginagawa mo sa amin ng auntie at lola mo, Taylor?”

“I do not sleep all day. May trabaho din ako. At masama ba kung maisipan kong magbakasyon once in a while?” Nagsisimula na siyang mainis. Nangyayari lamang iyon kapag pinapakonsyensya siya ng ina at tumatalab iyon dahil tama ito.

“Sabi ni Ate Lourdes, baka kailangan mong... ewan ko kung sang-ayon ako sa kanya, pero uso

naman na 'yun ngayon, lalo na sa mga propesyonal na katulad mo.” Bumuntong-hininga si Esmé habang maiging hinuhugasan ang mga talong at ampalayang pinamili nito.

Kumunot ang noo niya. “Ano ba’ng sinasabi mo, Ma?”

“Magpatingin ka na raw sa doctor! Sa psychiatrist. Dahil baka raw may depression ka na. At kapag hindi mo iyon ginawa, titira ako dito sa ayaw at sa gusto mo. Kung kailangang samahan kita sa opisina mo araw-araw pati sa korte, gagawin ko masiguro ko lang na wala kang gagawing masama!”

Taylor’s mouth dropped open. “Mama! Hindi ako depressed! Marami lang stress sa trabaho. Can’t I go away for a while kung kelan ko gusto? Hindi na ako bata! At ano ba ang alam ni Auntie Lourdes? Hindi niya ako nakikita. Even more, may medical license ba siya para i-declare na may depression ako?” She was truly angry.

“Huwag mong pagsalitaan ang auntie mo nang ganyan, siya na ang nag-alaga sa ’yo mula pagkabata mo.”

Matandang dalaga ang kanyang Auntie Lourdes, na panganay sa dalawang anak ng lola niya. Noong

bata siya ay katatapos lang nito ng kolehiyo at nagtuturo sa private sectarian high school na malapit sa kanilang bahay.

Daig pa ng tiyahin ang madre kung umasta. Maraming bawal dito at sa kasamaang-palad ay isinali nito ang pamangking si Taylor sa misyon nitong walang teenager ang mag-e-enjoy sa buhay kapag nasa malapit ito. Pinakialaman nito ang ayos ng buhok niya, pananamit, at nagtakda pa ng curfew. Ang resulta, walang kalatuy-latoy na dumaan ang high school years ni Taylor.

Her mother was voiceless dahil laging ipinamumukha ng kanyang tiyahin na hindi raw ito mabubuntis sa pagkadalaga kung nakinig ito noon dito. Her mother seemed to agree, kaya hinayaan nitong ipatupad ng ate ang martial law sa bahay pagdating sa anak.

Taylor went through a rebellious period after she finished high school but it shortly died down. Hilig niya talaga ang mag-aral, and having grown up with straight-laced women—ang lola niya, ang Auntie Lourdes at ang mama niya, na-pick up na niya ang values and sensibilities ng mga ito. Totoo nga yata ang kasabihang ‘all girls grow up to be their moms sooner or later’.

But she was tired of being under her aunt's influence. Which sparked her decision to buy a house an hour away from her old house. Upang malayo nang kaunti sa suffocating presence nito.

Nagpakahinahon siya. Mahal siya ng ina, pilit niyang iniisip iyon. Kailangang daanin niya ito sa diplomasya at logic. At hindi naman iyon mahirap para sa kanya, she was a trained litigant. Marami na siyang nakaharap na kliyenteng mas mahirap pang kausap kaysa rito, pati na temperament ng mga judges.

“Ma, alam kong nag-aalala lang kayo nina Lola sa akin and I appreciate it. Pero nasa tama na akong pag-iisip, I can take care of myself. Hindi ako gagawa ng ikapapahamak ko. Isang taon na rin kaming wala ni Alfon. Kung may gagawin akong katangahan, di dapat noon pang bago lang kaming naghiwalay.”

“Kung gan'un, bakit pagkatapos mong malamang ikakasal na ang hudyong iyon, eh, tumalilis ka kaagad nang walang paalam? At hindi mo pa sinasagot ang mga text at tawag namin. Ang alam lang namin, papunta kang Baguio. Malay ba namin kung na-kidnap ka na o naaksidente sa daan?”

“Ma, hindi ako humingi ng bakasyon noon. I think this is an overdue break. Sana maintindihan

n'yo. Hindi kayo dapat nag-alala.” Nag-text naman siya sa mga ito na pupunta siyang Baguio at babalik sa weekend. Alam ng mga ito kung nasaan siya at kung gaano katagal mawawala. Her fault probably was not getting in touch with them periodically. Tuloy ay nag-alala ang kanyang pamilya. Hindi sanay ang mga ito na hindi siya nagpaparamdam at least once a day.

“Huwag na huwag mo nang uulitin ito, Hija,” pahayag nito. Taylor knew her mom had made some sense. It took her a whole day to convince Esme to go home. Kasama niyon ay ang pangakong dadalaw siya sa pamilya kinabukasan. Sasama raw siyang magsimba sa mga ito. Sumang-ayon siya upang matahimik lang ang ina. Nang umuwi ito bandang alas cinco nang hapon ay saka lang nakahinga ang dalaga. Trying to convince her family that she was fine was definitely taking a lot of her energy!

Alfon was the reason why Taylor was hiding from people, if she wanted to be honest about it. Nagkakilala sila noong siya ay isang apprentice sa law firm noong second year pa lamang siya sa law school. Niligawan siya nito at sinagot naman niya ito. Naging nobyo niya ang binata simula noong third year siya

at nang makatapos at makapag-take ng bar exams. Mas matanda ito nang sampung taon sa kanya pero hindi halata. Alfon took care of himself at wala itong anumang bisyo maliban sa pagiging workaholic.

Maglilimang taon na silang magkasintahan kaya ang inaasahan ng lahat, kahit ang pamilya niya at mga kasama sa law firm ay mauuwi sa kasalan ang relasyon nila. Kaya naman hindi lang siya ang lubusang nasorpresa nang isang buwan bago ang kanilang anniversary at isang linggo bago ang kanyang twenty-eighth birthday ay makipagkalas ito sa kanya. Ang dahilan na ibinigay ng lalaki ay napakasimple—hindi na raw nito kayang pagsabayin ang kanilang relasyon at ang demands ng career nito.

Noong mga panahon kasing iyon ay iginagapang ni Alfon ang promotion to partner sa firm. Ayon pa rito ay unfair sa kanya na di siya nito mabibigyan ng sapat na atensyon. Pinalabas pa ng binata na concerned ito sa kapakanan niya kung kaya ito na ang nakipagkalas.

Maiintindihan naman niya kung hihingi ito ng pang-unawa dahil sa higpit ng schedule nito. Pero pakikipagkalas kaagad ang naisip nitong solusyon. Para sa kanya, it only meant that he didn't want to be with her anymore. Taylor was so stunned that she

didn't even beg. Ni hindi na niya nakuhang makipag-usap dito nang matino at basta na lang tinanggap ang pakikipag-break nito sa kanya.

A month after their break-up, nagsimulang kumalat sa firm at maging sa circle of friends nila sa labas ng trabaho na may iba na raw girlfriend si Alfon. Carmela was their senior partner's daughter, isa ring abogada na may sariling practice at posisyon sa *Court of Appeals*. Bigatin nga naman ang karibal niya.

A lot of her sympathetic friends theorized na ginamit lang ni Alfon si Carmela upang mapaangat ang posisyon sa firm. But Taylor, despite feeling hurt, couldn't agree with this. Alam niyang magaling na abogado ang dating nobyo. She had seen him work, after all, ito ang naging mentor niya noong apprentice pa lang siya sa *Narvaez, Padilla, Uytingco and Associates*. Hindi fair na isiping umangat lang ito dahil naging karelasyon si Carmela Uytingco.

Therefore, she concluded, totoo ang relasyon ng mga ito at ang kaso niya ay simpleng nalamangan ng kapwa babae sa pagtingin ng nobyo. It didn't make their break-up any less hurtful, but at least, she could see why she was dumped. It was better than not knowing.

A week ago, nabalitaan na lamang niya ang

engagement ng dalawa. Hindi pa nga nag-iisang taon ang mga ito, pero hayun at pakakasal na. Ini-announce pa iyon ng kanilang big boss sa testimonial dinner ng law firm. Hindi malaman ni Taylor kung paano niya nalampasan ang moment na iyon, trying to smile and assure her colleagues that she was fine. Paano siya magiging fine? Everybody was looking at her with pity while everyone else was drinking to the happy couple's future.

Higit sa anupaman ay inaayawan niya ang pagkaawa ng mga katrabaho at mga kaibigan. Sapat na ang public humiliation niya, ngunit ang awa ay hindi niya masikmura. Taylor had always thought herself well above others, independent, matalino at hindi nangangailangan ng tulong ninuman. And here she was, a pathetic example of the dumped girlfriend for all the world to see.

Dahilan upang mag-file siya ng unexpected leave last week. Ni hindi niya alam kung saan pupunta. Basta na lamang siya napadpad sa Baguio. Sinundan niya ang isang *Victory Liner* bus nang dumaan siya ng España.

At ngayon nga ay kababalik lang niya. Gaano man niya naisin na palawigin ang pagbabakasyon, may mga obligasyon siya na hindi basta-basta

puwedeng ipagwalang-bahala. Hindi lang siya ang taong maapektuhan kung patuloy niyang pagbibigyan ang sarili sa kagustuhang mapag-isa.

She dreaded going back to work the following Monday. Kahit hindi niya sabihin, alam niyang iisipin ng mga katrabaho na ang engagement nina Alfon at Carmela ang dahilan kung bakit siya nawala sa opisina ng isang linggo. But she had to go to work, kesehodang makipagplastikan siya sa mga tao.

2

“Buti naman at pumasok ka na. Ang dami nang nagtatanong,” ani Agnes habang magkasama silang nagkakape. Sumabay itong mag-break sa kanya. It was her first day back at work.

“Bakit naman sila magtatanong? My leave was filed and approved,” tugon ni Taylor habang kumukuha ng dalawang packet ng creamer mula sa rack.

“Granted. Pero biglaan pa rin iyon. Everybody wanted to know kung saan ka nagpunta at bakit ka nag-leave.” Tsaang iniinom nito sa paniniwalang mare-regulate ang metabolism at papayat kahit papaano.

“Well, I just needed a break. Unang beses kong nagbakasyon simula nang magtrabaho ako rito.”

“Saan ka nga ba nagpunta?” curious na tanong nito.

“Sa Baguio,” aniya.

“Ano naman ang ginawa mo roon?”

Taylor shrugged. “Nagbakasyon. Sight-seeing.

Sayang nga at wala akong dalang camera. I shopped, too. May dala akong strawberry preserves para sa 'yo. Nasa kotse.”

“The big boss gave the *Universe Insurance* case to Alfon and his team,” pagkuwan ay sabi ng kaibigan.

Napatingin siya rito. “Kailan pa?” The case was one they have been working on with Agnes and other associates, umaasang mapupunta sa kanila ang total control niyon. They had been trying to get the case dahil possible exposure din iyon, trying to increase their points toward being junior partner. At ngayon ay ibinigay iyon sa pinakabagong partner.

“Last Wednesday. Tinatawagan kita pero hindi naman kita mahagilap. I understand why,” anito bago pa man siya makahingi ng paumanhin dito. Totoong naka-off ang cellphone niya most of the time. “I figured, malalamang mo rin pagbalik mo, so hindi kita tinawagan ulit,” patuloy nito.

Tumango si Taylor. “Do you think it’s unfair?”

“Well, kinausap kami ni Sir Herb after the e-mail went out. He knows of the work that we put into the case and they appreciate it, blah-blah, but the bottom line is, potentially malaking kaso ito. So it has to be delegated to the more seasoned partners—his

words, not mine. Therefore, mapupunta iyon kina Alfon. Pero in-assure naman niya na our work won't go unnoticed. What do you think?"

"They're trying to avoid being tagged as discriminatory," she said with a bitter smile. Pero sa totoo lang, wala na siyang masyadong pakialam kung kaninuman mapunta ang naturang kaso. Marami pang ibang papasok. Hindi siya nagmamadali. Lalong wala siyang balak makipagkompetensya sa dating katipan.

"So Alfon has assembled his team then?" tanong niya.

"Yup. Wala siyang pinili isa man sa atin," sagot nito.

Nalungkot siya sa narinig. Kung siguro hindi niya naging boyfriend si Alfon ay mapipili siya nito sa team. Maraming beses na nitong pinuri ang trabaho niya noong nagsisimula pa lamang siya. Then she wondered, could it be just because gusto pala siya nitong ligawan kung kaya tinulungang siya nito nang husto? Were his praises just empty flattery to make her feel valued and important? Was she really good at her job as she once believed?

"Don't feel that way. In-explain din nila na more

senior lawyers will be chosen. Ako, matatanggap ko iyon. I'm not dying to work under Alfon's supervision. I mean, marami din ibang junior partners na magaling diyan. Ang inaalala ko ay ikaw. You are good. You deserve to be on the top level teams, handling the big cases. At hindi sana mangyayari ito kung hindi mo siya ex. It's definitely bordering on discrimination," maingat na sabi ni Agnes. Waring natumbok nito ang itinakbo ng isip niya.

Taylor smiled gratefully at her friend. "Totoo ba talaga iyang sinasabi mo? 'Cause if you're just saying that to make me feel better, itatakwil kita bilang kaibigan."

"Are you kidding?" Pinandilatan siya nito. "Half ng trabaho sa mga kasong hinawakan ni Alfon noon ay ikaw ang gumagawa. That man was a perfectionist, if I ever saw one. Not to mention a control freak. At hindi niyon hahayaan ang isang trabaho sa isang underling kung wala itong kumpiyansa sa kakayahan mo. You should be proud of yourself."

"Which is why he didn't pick me to be a part of his team?" may halong sarkasmo na turan niya.

"You know, hindi ko lubos na alam ang workings behind that, but I'll hazard a guess. Which you probably already know. Hindi naman siguro maganda

for either of you to work side by side. Mahihirapan ka, and it would be awkward for everyone. Hindi ko sinasabing hindi mo kayang magpaka-professional, but the management knows what's going on. Ayaw lang nilang may mag-sprout na gulo.”

So I'm the casualty in this battle, mapait na naisip ni Taylor. "It's probably my fault, anyway." Everyone was against me dating him. Or anyone I work with for that matter. Pero sumige pa rin ako.

“Pero mas magiging masama sa 'yo kung lilipat ka pa ng ibang firm. This is a good training ground, better than most. My advice to you is try and make junior partner, at least. After that, you can shop around for better offers. Associates are a dime a dozen these days. Magkakaroon ka lang ng leverage to negotiate with other firms if you made partner in a firm like this one. Tiisin mo muna. Don't commit professional suicide. Don't let Alfon ruin this for you. You deserve this job and you're good at it.”

Napagtanto niyang totoo ang sinasabi ni Agnes. Hindi lang siya ang babaeng nalagay sa ganitong sitwasyon. There had been women before her, and even after her who had been dumped and suffered for it. Pero hindi siya. She vowed to herself she wouldn't be one of the losers. No one would ever see her

crying. Kung noong iniwan siya ni Alfon ay hindi siya kinakitaan ng anumang reaksiyon, lalo na ngayon.

Naghagilap si Taylor ng makakain sa pantry. Isa-isang binuksan niya ang cupboards, umaasang may natira pa sa rasyong dala ng mama niya noong huling punta nito sa bahay niya. Kailangan na niya talagang mag-grocery. The only thing her search unearthed was a few packets of ramen noodles, milk na naging *Nestlé* cream na sa kalumaan at loaf bread na expired na rin. And she was starving. Kasalanan niya. Dapat ay dumaan muna siya sa isang grocery store habang pauwi siya pero tinamad siya. Mukhang mapapa-order siya ng kanyang dinner.

But she wanted a nap first. Napagod siya nang husto sa opisina. Not just physically, kundi pati na rin isip niya ay napagod. Sinipat ni Taylor ang sarili sa salamin. Her height was an average Filipina's—five feet three inches. People always seemed to think her taller than she was, dahil sa proper posture at sa tulong na rin ng matataas na takong. She had to appear confident, polished sa kanyang trabaho bilang abogado sa isang high-profile firm.

Subalit sa mga sandaling iyon ay hindi maayos ang kanyang hitsura. Magulo ang buhok niyang basta

na lang nakataas sa tulong ng isang clamp, crumpled jacket, puting t-shirt at khaki pants na paborito niyang suot dahil maluwang. She looked worn out.

Dahil sa pagod, mukhang napaka-inviting ng cream-colored niyang couch sa living room. Naupo siya roon at tumawag sa *Yellow Cab*. Pagkatapos ay tinanggal niya ang pagkakabuhol ng buhok at hinubad ang jacket na basta na lang isinampay sa likod ng isang armchair sa magulong sala. Wala siyang maids at pinapupunta lang niya ang isang cleaner at laundry woman isang beses isang linggo. Nang umakyat siya ng Baguio ay hindi na niya pinaglinis si Ate Elsa.

Naupo siya sa mahabang sofa at hinubad ang soft-soled *Bass* loafers. She unzipped her pants and laid down in the sofa. Wala pang limang minuto ay himbing na himbing na si Taylor.

“Tao po! Delivery po!”

Iling-iling na binagsak ni Gio ang basahang ginagamit sa paglinis ng kotse. Kanina pa kasi niya naririnig na tumatawag ang delivery boy sa katabi niyang unit. Nabanlawan na niya ang sasakyan ay nandoon pa rin ang pobreng driver. Kung tutuusin, nasasanay na siya sa araw-araw na pagsulpot ng

mga delivery boys mula sa iba't ibang restaurant sa Manila sa katabi niyang unit. But this guy had been calling out for over twenty minutes at wala pa ring reaksiyon mula sa occupant ng Unit 4.

“Brod, wala pa rin ba?” usyuso niya sa pagitan ng mababang pader. Napalingon ang delivery boy kay Gio.

“Sir, kanina pa nga ho,” anang lalaki. May dala itong isang malapad na box ng pizza at dalawang brown paperbags na may tatak ng *Yellow Cab*. Pawisan na ito sa loob ng malaking jumper at jacket. Nakaparada sa dulo ng driveway ang motorsiklo nito.

“Baka walang tao,” subali niya. “Sigurado ka bang ’yan ang address?”

“Opo, Sir, Unit 4 po ito, di ba? Kay Taylor Enriquez. Kilala n’yo ho ba siya? May mga ide-deliver pa ho kasi akong iba, malalagot ako sa manager ko kapag nagreklamo ang ibang customer.”

Umiling si Gio. “Pasensya na, Brod, bago lang ako dito. Naitawag na ba ng guard ’yan?” Ang bawat unit ay may internal phone system na konektado sa guardhouse ng dalawang entry at exit points ng community. Doon kinukumpirma ng mga guards on duty ang mga pumapasok na deliveries para sa

mga residenteng nag-request umano. It was one of the things Gio liked about the place—the security. Hindi basta-basta makakapasok ang kahit na sinong masamang-loob sa kanila.

“Oho, eh, wala daw hong sumasagot. Nakiusap nga lang ho ako sa harap kasi ako ang malalagot kapag di po ito nabayaran.”

Napangiwi siya. Tiningnan niya ang dala-dalahan nito. Oh, what the heck! Lumabas siya ng kanyang garahe at lumipat sa kabila. “Magkano ba ’yan, Brod?” aniya habang dinudukot ang wallet sa backpocket ng cargo shorts.

Nakahinga nang maluwag ang delivery boy. Sinabi nito ang halaga ng bill at may inilabas na resibo upang pirmahan ni Gio. Hiniling nitong pirmahan niya ang resibo pati ang unit number kung sakaling tumawag ang nagpa-deliver at mag-complain na walang natanggap na delivery.

Nang makaalis na ang delivery boy ay pinroblema naman niya ang pagkaing iniwan nito. Kakatok din ba siya sa pinto ng ‘Taylor’ na iyon o kakainin na lamang niya iyon? Tamang-tama, hindi pa siya nakakapaghanda ng hapunan. Kumalam ang sikmura niya sa amoy ng cheese sa mainit-init pang box ng pizza.

But then, how about the Taylor guy who would be without his dinner? Tentatively, lumapit siya sa pinto ng Unit 4. He peered into the front window, maingat upang hindi masagi ang alikabuking mga tanim sa box.

“Tao po!” aniya.

Taylor was dreaming that she was flying then somebody started shooting at her. Nagsimula siyang bumagsak sa lupa. And she woke with a thud. Nasa rug siya sa paanan ng sofa. Nakatulog na pala siya sa couch.

At may kumakatok sa bintana. “S-sino—” Tumikhim siya. “Sino ’yan?” sigaw niya habang bumabangon. The short, rapid knocks were coming from the glass window in front of her house, at iyon ang napagkamalan niyang tunog ng gunfire sa panaginip. She was enjoying her dream, too. Who was this intruder? Balewala niyang binuksan ang pinto. Madilim na sa labas at wala rin siyang ilaw sa loob.

A shirtless guy was standing on her doorstep, holding a box of pizza.

“Hi,” anito. “Pizza for...” Bumaba ang tingin nito

sa resibong hawak. “Taylor. Taylor Enriquez? Nandito ba si...” Bigla itong tumigil sa pagsasalita.

“What?” aniya, nagtataka.

“Your...” Tumikhim ito. “Your fly’s open.”

Nahihintakutan siyang tumungo. Bukas nga ang butones at zipper ng kanyang pants! Dagli siyang tumalikod at isinara iyon. Damn! Tinanggal niya ang pagkaka-zip ng khaki pants kaninang bago makatulog upang mas maging komportable sa paghiga. It was one of those things a single person like her does without thinking, dahil sanay na mag-isa lang sa bahay. Nang humarap siya sa kausap ay nahuli niya ang pigil na ngiti nito sa labi.

“It’s Saturday today,” biglang komento nito.

“What?” muli ay tanong niya.

“Pang-Wednesday ang suot mo,” sagot ng lalaki. Nagpipigil ito marahil ng tawa dahil pumiyok ito sa huling bahagi ng pangungusap.

“Do you think I coordinate my underwear according to the day of the week?” Taylor realized that he was talking about her panties. She couldn’t believe she was discussing her underwear with the pizza delivery guy. Pero teka, bakit wala itong suot

na t-shirt? Napakapresko ng dating nito. Halatang alam na may hitsura at akala ay mahahalina siya sa pangiti-ngiti nito.

The guy shrugged. He had wonderful shoulders. He was perspiring slightly, but he didn't look like he smelled. His hair was naturally thick but cut short, with a bit of bangs on the side. Singkit ang mga mata nito, straight ang matangos na ilong, at ang mga labi—fuller lower lip, Cupid's bow upper lip. The man was gorgeous and cute, a rare and often fatal combination.

“Sino ka ba?” tanong niya rito upang iwaksi ang mga isiping iyon sa kanyang utak. Tulog pa yata siya.

“Gio. I'm your next-door neighbor,” anito, inilahad ang isang kamay.

She looked at him suspiciously. Nag-aalangan na tinanggap ni Taylor ang kamay ng lalaki. “And you deliver pizza?”

“Kalahating oras nang kumakatok 'yung delivery boy sa pinto mo kanina.”

“Nakatulog ako,” paliwanag niya ngunit hindi humingi ng paumanhin. Tumitig siya sa kaharap. Baka nagkamali siya ng assessment kanina. But he passed second inspection. If anything, mas lalo itong

gumuguwapo habang tinititigan. His profile was almost perfect in the dim early evening light.

“Baka lumamig na ang pizza mo,” ani Gio at itinaas ang kahon ng pizza.

“Oh...” Kinuha niya iyon mula rito.

Sa pagtataka ng dalaga ay sumunod ito papasok ng bahay niya, dala nito ang dalawa pang paperbags. She forgot she also ordered hot wings and twice baked potatoes.

Sumunod ang lalaki sa dining room at inilapag ang dala sa countertop.

“Can I join you for dinner? Since ako din naman ang nagbayad nito,” anito at kumindat pa.

“Babayaran na lang kita,” sagot ni Taylor. He seemed harmless enough, but he was... shirtless. At kahit hindi ito masyadong matangkad—probably around 5’9”—it seemed like he was filling the room with his presence. Geez! Para siyang nene na ngayon lang nakakita ng hubad na lalaki. Okay, a gorgeous piece of male, but still...

“Nah. My treat. Since unang dinner naman natin ’to.”

Nagbibiro ang tono ng lalaki. Kumuha si Taylor

ng dalawang pinggan. “I’m really not the sociable kind, but whatever. Kumuha ka na lang ng gusto mo, then leave.”

“Whoa! You’re certainly right when you say you’re not sociable. Ikaw si Taylor? Wala kang kasama rito?”

“I don’t have to answer questions unless I’m under oath.”

“Wala naman tayo sa korte. I’m being neighborly,” anito.

“Not a good time,” maikling sagot niya. “Pagod ako and all I want is to go to bed.”

“Bago mo akong neighbor. I-welcome mo naman ako dito sa *Eden Gardens*.”

“As far as I am concerned, lahat ng mga tao rito sa community ay bagong neighbors. Why should you be treated any special?” Nakapatong sa magkabilang gilid ng baywang ang mga kamay niya, nakataas ang isang kilay sa kanyang unwanted visitor.

“Bakit, bagong lipat ka rin ba?”

“No. Been here three years. But I don’t do neighbors.”

“You don’t? Too bad.” May pilyong tono ang

booses nito. Napaangat ang kanyang mukha mula sa pagse-set ng lamesa.

“You have a filthy mind, Mr. New Neighbor.”

“Just taking my cue from you, Ma’am,” sagot nito. “And the name is Gio.”

“Would you at least put a shirt on? Wala tayo sa beach.”

Napatingin ito sa sarili. “Oops, sorry! Nililinis ko kasi ang sasakyan ko when your delivery guy arrived.”

“Okay, fine. Thank you. I’m grateful. But go and put a shirt on.”

“Pagbubuksan mo ba ako mamaya?” paniniyak ni Gio. Pero hindi na nito hinintay na sumagot siya. Dagli na itong tumayo at tinungo ang front door. “Don’t go away. I’ll be back in a jiffy.”

Nang makabalik ang kapitbahay niya ay nakasuot na ito ng puting *Hanes* t-shirt. Humila ito ng isang silya sa six-seater dining set at nagsimulang kumuha ng pagkain.

Parang wala talaga itong hiya, naisip ng dalaga. And she decided she didn’t mind. Mas gusto niya iyon sa mga taong nakakahalubilo niya—iyong hindi kailangang asikasuhin, alukin, para lang matiyak

na komportable ito. She used to love having people over, but all that changed a year and a half ago. Mas gusto niyang nag-iisa sa bahay. Walang kailangang kausapin o pagpaliwanagan sa kanyang weird habits.

“So, ikaw nga si Taylor. Mag-isa ka lang dito, di ba?” Palinga-linga si Gio habang kumakagat ng pizza. Alam niya kung ano ang hinahanap nito. Pictures of family. Hindi siya ang tipong naglalagay ng mga larawan ng sarili at pamilya sa bahay. They were in her room and private office.

“Yes. Just eat your food and stop asking questions. How much is my share for this dinner?” abrupt niyang sagot.

“Ang sungit mo pala. Akala ko ba, sabi ng realtor ay mga sociable at community-oriented ang mga residents dito?”

“Do I look like I care what your realtor says?” Muli ay nakataas ang kilay niya sa binata.

“Boy, aren’t you a surly dinner companion.” Iiling-iling ito at hinarap na ang pagkain, pero patinginting pa rin sa loob ng bahay niya. Parang inuusyuso nito ang bawat sulok. She wished he would leave.

Just then, her phone rang. Pareho silang nagulat. Her *iPhone*, nakapatong sa countertop ng kusina was

blaring *Not Ready to Make Nice* ng *Dixie Chicks*. Gio sneakily glanced at the name of the caller on the screen before Taylor snatched it up.

Ipinatong niya iyon sa console table malapit sa sofa. Patuloy iyong nag-ring. Tunitig ang lalaki sa cellphone bago ibinalik ang pansin sa kanya.

“What?” iritadong angil ng babae rito.

“Maingay. I’m trying to eat,” anito, nakakaloko ang deadpan nitong expression sa mukha.

“Then you can leave.”

“Gee. thanks, after I paid for this dinner,” sarkastikong sagot nito.

“How much did you pay for it? I knew it was six hundred something. Tell me how much!” Kinalkal niya ang bag na nakapatong sa sofa upang kunin ang wallet.

“Nah. You owe me. Anyway, I’m taking my share back home. Sagutin mo na si Alfon. Baka lumuha ng bato ’yan kapag hindi mo pinansin ang tawag.” Iyon lang at lumabas na ng kanyang bahay ang lalaki.

She was still mad but relieved when he left. He didn’t know anything. How dare he mock her!

3

“Pare, kailangan na nating iparehistro ang titulo nito sa *Register of Deeds*,” ani Peter, ang isa sa mga old friends niya from college. Ito ang nagsilbing broker sa sale ng lupa at istrukturang kinatatayuan ng car parts and accessories store ni Gio.

Nai-execute na ang Deed of Sale at naideposito na ang kabuuang bayad kung kaya nasa possession na nila ang mga titulo ng lupa at building.

“Mabuti pa nga at nang matapos na,” aniya at tumuloy sa opisina. Under renovation ang malaking bahagi ng tindahan kung kaya makalat pa sa loob niyon. May mga taong nagre-repaint ng loob at labas ng building. He couldn’t wait to see it finished para magsimula na ang operasyon ng kanyang negosyo.

“May kakilala ka bang abogado?” tanong ng kaibigan at naupo sa silyang kaharap ng desk niya.

Peter’s question caused Gio to remember his neighbor. Nabanggit ng guard na kakuwentuhan niya na lawyer daw ang babae. Ang buong akala niya ay lalaki ang umookupa ng katabing unit. Pang-lalaki kasi ang tipo ng kotse nito, pati ang bruskong

pagmamaneho. Ilang beses na niya itong naabutan habang iniaatras ang SUV mula sa garahe tuwing umaga. Siya ay galing sa pag-jo-jog at ito naman marahil ay papuntang trabaho. Heavily tinted ang sasakyan kaya hindi niya maaninag ang driver.

Two days ago was the first time he saw his next-door neighbor. And his interest was even more piqued. He had never met anyone like Taylor before. Kahit istrikto rin sa kanya ang mama at mga ate niya, ang mga ito ay hindi kasing-burara ng Taylor na iyon. They were feminine through and through and just loved to nag him because he was the youngest.

Taylor was different. Hindi ito kasing-ganda ng mga babaeng dine-date niya, but she had a certain appeal. Maganda ang posture nito, derecho tumingin. May pagka-confrontational nga ito kung tutuusin. Prangka ang babae at hindi nagtataglay ng mga charming attributes na nakakaakit ng pansin sa mga usual na babaeng nakakasama niya. Kumbaga, hindi ito nagpapa-cute. That was what's different about her.

“Meron akong kilala, pero mas mabangis pa kesa sa tigre,” aniyang nangingiti habang naaalala ang sight ng panties ni Taylor. It was light pink with a butterfly embossed out front. Her face was completely devoid of makeup and her hair was tousled. She

looked like she had just gotten out of an energetic romp in bed. At tama nga ito. Madumi nga siguro ang utak niya.

“Eh, magaling naman ba?” ani Peter.

He shrugged. “I wouldn’t know. Pero p’wede ko namang tanungin. I’ll talk to her tomorrow.” He was suddenly excited na hindi niya maintindihan. Makakatagisang-salita na naman niya ang supladang kapitbahay!

“Maghanda ka rin ng pambayad ng capital gains tax. Ikaw ang magbabayad niyon dahil ikaw ang nakabili,” pukaw nito.

Gio groaned. “Cash out again.”

Natawa ito. “Ganyan talaga ang nagsisimula sa negosyo. Kailangan mong mamuhunan. Sa totoo lang, ang tapang mo nga para solohin ang business mo. Hindi ka man lang ba nag-imbita ng mga partners, kahit financial partners lang?”

Umiling siya. “Gulo lang ’yan. Ayaw ko nang maya’t maya ay may kokonsultahin sa bawat galaw ko. Hindi ko malayang magagawa ang gusto ko at maka-cramp ang diskarte ko.” He had always been an independent sort of guy.

“Kunsabagay. Well, mukhang ayos naman itong puwestong nakuha mo. I’m sure hindi ka aalatin dito.”

“Sana nga, Pare.”

“No, I want fresh milk, hindi sterilized,” anang babae. Napalingon si Gio nang marinig ang boses na iyon. It was Taylor. Nakapila siya sa corner sari-sari store upang bumili ng supplies bago umuwi ng bahay.

Nakikipagtalo ito sa store clerk dahil ang inabot nito sa dalaga ay ang *Bear Brand* sterilized milk.

“Wala na po kaming fresh milk, ito na lang ho,” anang babae. “At na-punch ko na ho, eh.”

“Miss, hindi ko problema iyon. Isa pa, why are you giving me something na hindi ko naman binibili?” mataray na sabi nito.

“Pareho lang naman ito—”

“No, they are not!”

“Uhm... may alam akong tindahan sa kanto ng Paterno St. na may fresh milk,” sabat ni Gio. Nginitian niya ang tindera upang mapawi ang tensyon.

“Malayo ’yon,” sagot ni Taylor na nilingon siya. She looked surprised to see him. Saglit niyang

pinagmasdan ang babae. She wore a three-piece suit na mustard ang kulay. Ang panloob nitong kamison marahil ay ecru, kompleto rin ang alahas nito—ang malalaking pearl earrings, ang gold chain sa leeg at ang classic *Gucci* wristwatch. Pero ang suot nito sa mga paa ay tsinelas.

“Hi, Attorney,” aniya. “Maggo-grocery rin ako at gusto ko rin ng fresh milk. If you want, I can give you a lift papunta roon.” And he gave her the most boyish grin in his repertoire.

With Gio grinning at her like that, waring nahipnotismo si Taylor sa binata. He looked harmless, but a niggling warning at the back of her mind told her that this wasn't true.

“Bakit mo naman gagawin 'yon?” aniyang duda pa rin dito.

“Because we're neighbors,” simpleng sagot nito. “Nasa labas lang ang sasakyan ko.”

He cocked a thumb behind him. She saw his blue car sitting in the curb. Nakababa pa ang top nito. It was gleaming even in the late afternoon sunshine. Halatang bagong-bago iyon at alagang-alaga pa.

“Hindi kita kikidnapin o gagawan ng masama, Attorney. Walang cover ang kotse ko, see. Higit sa lahat, walang tint.”

“Cause you want everyone to see you’re driving it, I suppose?” Ngumiti nang pauyam si Taylor, pero nauna pa itong lumabas ng tindahang iyon kaysa kay Gio.

“Ang taray mo naman roon sa tintera,” komento niya nang makasakay ito. Dala-dala nito ang box ng sterilized milk at inilagay sa backseat.

“She deserved it. Antipatika ang tinderang iyon,” anito na waring nagsusumbong. “At bakit mo binayaran iyan? Paano sila matututo?”

Natawa si Gio. “Pinapatulan mo, malamang mas matagal ang panahong inilagi mo sa eskuwelahan kaysa roon,” turan niya. “Isa pa, I’m sure kakaunti na lang ang isinusuweldo nila ’tapos mababawasan pa dahil dito.”

“Sinesermunan mo ba ako?” iritableng baling nito sa lalaki.

“No, of course not. I just think it’s funny.”

“No, you don’t. You sound like my mother kapag pinagsasabihan niya ako.”

“I do?” turo niya sa sarili. “That can’t be flattering. I remind you of your mother,” dagdag niyang tila namomroblema.

Hindi na nagsalita si Taylor. Nang makarating sa tindahang sinasabi ni Gio ay nauna na siyang bumaba. Kinuha niya ang mga nabili at hinintay ang lalaki habang nakatingin sa eskaparate ng cold cuts.

“Nagmamadali ka ba?” tanong nito sa dalaga.

“I’m hungry,” maikling sagot niya. She looked stupid in her corporate clothes and lime green rubber flip flops. Pinagtitinginan din siya ng mga clerks sa deli.

“Di kumain na muna tayo bago umuwi,” walang anumang sabi ng binata. Napamulagat siya rito.

“Saan tayo kakain?”

“May alam ako sa susunod na kanto. Italian food. Nice place, tahimik.” Ipinatong na nito sa counter ang dalawang packs ng bacon at ham na napili nito.

For some reason, Taylor let him talk her into going. Matiyaga niya itong hinintay hanggang matapos itong mamili. Napansin din niyang likas talaga itong charming, lalo na sa mga staff. Nakaramdam siya ng kaunting hiya sa sarili sa inasal kanina. Kababae

niyang tao pero siya itong maikli ang pasensya.

Hindi niya namalayang nakatitig siya sa lalaki hanggang kinindatan siya nito. Sumenyas ito na sandali na lang. Tumango siya at umiwas ng tingin. Para siyang bumabalik ng grade five—kinikilig sa kindat ng cute na lalaki!

The restaurant Gio was talking about was in an area full of condominium buildings. Ang katabi nito ay isang laundry station. Maliit ang restaurant—anim na lamesa lang ang naroon sa dimly lit na lugar. The walls were peppered with black and white still photos. She loved it instantly. It was the kind of place na magugustuhan niya—iyong parang tago at hindi masyadong dayuhin, Hindi rin situated sa main thoroughfare.

Cream of mushroom soup, pasta at eggplant lasagna ang in-order nila.

“Actually, I was hoping to get your services for a land transfer,” ani Gio nang umalis ang waiter na kumuha ng order nila. Iniwanan sila nito ng isang bote ng Spanish red wine. Ikinuwento ng binata ang pagkakaroon nito ng business at tungkol sa nabiling property.

“That’s easy. You don’t really need to hire a lawyer to do just that, it’s basically leg work,” ani Taylor na biglang nawalan ng gana. Kaya naman pala siya nito inyang kumain. It was a business dinner.

And she hated herself for being disappointed. Ano ba naman ang inaasahan niya? Dahil lang inaya siyang kumain ng isang lalaki sa labas, iisipin na niyang may gusto ito sa kanya? At siya naman si gaga, sumama rito kesehodang nakatsinelas siya!

“But I don’t know the process. Kailangan ko ng abogado to make sure na walang aberya o loopholes sa bentahan.”

“The sale is perfected, you’re already occupying the property, ayon na rin sa sinabi mo. So wala na dapat loopholes kung ako ang tatanungin. Formality na lang ang registration. But if you want, I can do it for you. Akin na ang mga titulo at iba pang dokumento.”

“Nasa opisina. I’ll bring it over tomorrow sa bahay mo.”

“No, I’ll drop by your office on my way to work on Monday. That way, hindi tayo gaanong maabala masyado.”

“Sasama ako sa ’yo,” saad ni Gio.

Taylor looked at him. “Bakit?”

“Anong bakit? Siyempre, kliyente mo ako. Di ba dapat sasama ako?”

“We’re just doing paperwork. It’s boring.”

“I don’t care. Sasama ako,” giit nito.

Interesting. She looked almost beautiful up close. Her face still had traces of the makeup she wore to work, and her hair was coming loose from the low bun. She looked relaxed and girlish. Gio was trying so hard not to touch her. May aura itong mangangagat kapag nagkamali siya ng kilos.

Kanina sa kotse ay nalilis ang skirt nito dahil mababa kaysa karaniwan ang seats ng *Beemer* niya. She hitched it down the first time, pero waring nakakalimutan nito iyon kaya umakyat ulit ang palda sa hita nito. She had shapely thighs. Walang traces ng cellulite at makinis. Pihadong nagesh-shave ito ng binti. Her skin had yellowish undertones, which made her look almost flawless under the restaurant’s dim lighting.

She also smelled wonderful. Dahil maliit ang mesa nila, wala silang choice kundi magkalapit.

Napansin kaagad niyang asiwa at excited si Taylor na kasama siya at nagkakalapit sila. Hindi niya tuloy mapigilang mag-isip kung nagka-boyfriend na ba ito.

Samantala, nakadama ng pagkaasiwa ang dalaga nang napansing nakatitig sa kanya ang kasama.

“Why are you staring at me like that?” bulong niya nang maihatid ng waiter ang soup.

“Because you’re very pretty right now.”

Napamulagat siya rito. Inuuto ba siya ng lalaking ito? Hindi siya nagsalita.

“You don’t believe me?” Dumukwang si Gio kaya lalong naglapit ang kanilang mga mukha.

“Kahit ano’ng sabihin mo, I will still charge you for my services,” maikling tugon niya at inatupag na ang umuusok na sopas. It smelled wonderful. And she was hungry.

Nagulat siya nang bigla itong tumawa. “Oh my, this is a first. I’m trying to get you in a romantic mood, pero mas attracted ka pa sa soup. This hurts my ego. Fortunately, I’m not all made of ego. Nakakatuwa ka, alam mo ’yon?” His eyes were dancing.

“Kumain ka na lang. Gutom lang ’yan,” aniya, but she was smiling. Hindi niya alam ang nangyayari,

but with his laid-back manner, ang pagiging sport nito, his obvious kindness, nare-relax siya. Magaan itong kasama. She stopped worrying that she looked ridiculous. She stopped worrying, period.

Nakangiti pa rin si Taylor nang isinara niya ang pinto sa kanyang likuran. Umuwi siya mula sa opisina na pagod, irritable at gutom. Sa trabaho, wala siyang ginawa kundi magkulong sa cubicle at umiwas sa mga taong alam niyang mang-uususo lang.

But Gio came and her day was saved. After Alfon, hindi na siya muling nakapag-date. Wala namang lumalapit at nawalan na rin siya ng ganang lumabas. Ang nais lang niya ay magkulong sa loob ng bahay pagkatapos ng trabaho. Nawalan siya ng interes makipag-socialize. Taliwas sa karaniwang mga broken-hearted, hindi niya sinubukang makipag-date upang libangin ang sarili.

Today was the first time she was out with a man. Although yes, business dinner na maituturing, nag-enjoy pa rin siya. And she was looking forward to tomorrow.

Naputol ang kanyang pagmumuni-muni nang mag-ring ang telepono sa sala.

“Hello?” nakangiti niyang sagot.

“Tatiana?” anang boses sa kabilang linya.

“Auntie?” Napakunot-noo siya nang mapagsino ang tumatawag.

“May kasama ka ba riyan? Lalaki?”

“Auntie, wala ho. Kadarating ko lang. Bakit po ba?” Naupo siya sa couch at hinubad ang blazer.

“Yung boses mo, parang pusang nakikipagligawan. Pupunta kami riyan ng lola at nanay mo sa Linggo. Tumawag ako dahil baka kung saan-saan ka na naman magpunta. Wala ka sigurong pasok kapag Linggo, di ba?”

“Auntie—” simula niya.

“No, no, no, puro pangako ka na naman. Dalawang linggo ka nang nagdadahilan. Kung hindi ka dadalaw rito, puwes, kami ang pupunta riyan. At huwag ka nang mag-abala, kami ang magluluto. Magising ka nang maaga!”

“Auntie...” Bago pa siya natapos ang nais sabihin ay binabaan na siya nito ng telepono. She groaned aloud. Alam niyang kahit tumawag siya uli at kausapin ang lola at mama niya, pati barangay, ay wala siyang magagawa. Susugod ang mga ito sa pangunguna ni

Auntie Lourdes!

Bumusina nang tatlong beses si Taylor sa harap ng tindahan ni Gio. Alam niya kung nasaan iyon dahil nai-text na nito ang location nang nakaraang gabi. At kanina ay nag-text siya rito na malapit na siya sa kinaroroonan nito.

“Para kang boyfriend na walang manners,” bati nito nang makalapit sa sasakyan niya. “Ayaw mo bang pumasok muna? Nagkakape kami ng mga trabahador. I’ll make you a cup, show you around.”

He had this hopeful expression in his face. At preskung-presko itong tingnan in a white t-shirt and cargo shorts. Brown boat shoes ang suot nito sa paa. She hated to say no.

“Five minutes,” aniya at ipinarada ang sasakyan. Nakita niyang nakatayo pa rin sa gilid ng daan ang binata. Parang binabantayan nito ang traffic habang nagpaparada siya. *What a thoughtful guy.*

Ang interior ng *Hot Wheels* ay amoy pintura pa. May mga trabahador na naghahanda para sa gawain sa araw na iyon at kasalukuyang nagkakape mula sa isang malaking thermos na nakapatong sa isang work table. Styrofoam cups ang gamit ng mga ito. May

isang supot ng pandesal at nilagang itlog sa isang tray.

“Breakfast?” alok ni Gio.

“Sa opisina na ako kakain,” tanggi niya.

“Breakfast is the most important meal of the day,” ani Gio na nagsasalin na ng kape sa isang malinis na styro. Inabot nito iyon sa kanya. “I made that. May creamer and sugar sa office ko if you want extra.”

Sinulyapan niya ang dirty brown liquid sa loob ng tasa. “Okay na ito. Handa na ba ang mga papeles?” She sounded like a soap opera actress.

“Handa na, Boss,” he grinned, saluting her. “What do you think?”

It took a moment for Taylor to realize na hinihingi nito ang opinyon niya ukol sa tindahan nito. “Uhm, it’s... spacious,” aniya dahil walang ibang mahagilap na sasabihin.

“Right,” tango nito. “Next week, darating na ’yung mga pinagawa kong eskaparate for the items. Ginaya ko ’yung sa *Home Depot* sa States.” Tapos sa far left, nakasabit ’yung mga car accessories. Reception area sa immediate right ng entrance. Do you think I need like a lounge area? ’Yung may couches and TV para sa mga naghihintay?”

“Well, I expect na mga lalaki ang mga suki mo rito. They’re the only ones who are car crazy enough to spend so much money on car bling. I don’t think they’ll spend a lot of their time here nang nakaupo. Mag-uusyuso ’yun, tingin-tingin.”

Gio looked hurt. “Hindi naman puro bling ang ibebenta ko. Essentials rin like tires, seat belts, car seats for babies, wipers... panglinis, car vacuums...”

“Okay. Well then, you can go ahead, for the wives and girlfriends na p’wede nilang kasamang bumili. Let me ask you this, though. Have you ever brought a girlfriend car shopping?”

Tumango ang binata. “Lots of times. They prefer to sit down and wait.”

Tumawa si Taylor. “There you go. If you expect a lot of hanging around, eh, di ilagay mo na ang waiting area mo. I suggest you wait hanggang operational ka na. Tingnan mo what happens then. I don’t think many men bring women with them when going to places like these.”

“That makes sense. Ikaw ba, kapag isinama ka ng boyfriend mo na mamili rito, hindi ka sasama?”

“If I have to,” Taylor shrugged. Tumingin siya sa wristwatch nang pasimple. She didn’t like the turn

of conversation.

Napansin naman iyon ni Gio. Tumungo na ito sa pribadong opisina at kinuha ang folder na naglalaman ng titulo at iba pang mga kailangan sa land transfer.

“Do you want me to drive?” anito habang palabas sila ng tindahan.

“No, I’m fine. Bakit?”

He shrugged. “Nothing.”

Napansin ni Taylor na pasulyap-sulyap si Gio sa kanya habang nasa daan sila. She guessed it was because she changed lanes a lot. Hindi ito nagkokomento pero halatang kabado. Nakakapit kasi ito sa overhead handrest na parang nakasakay sa roller coaster. Kulang na lang ay mapaantada ito sa tuwing mag-o-overtake siya.

“Relax,” aniya. Ginaya niya ang tono nito sa restaurant nang nagdaang gabi.

Kumuha ito ng panyo mula sa bulsa at pinahiran ang mukha. “Let’s stay in one lane. Hindi naman ako nagmamadali.”

Natawa siya. The second spontaneous laughter that day. “Huwag mong sabihing takot ka?”

“Hindi, pero bata pa ako. Gusto ko pang magkapamilya at umabot sa golden anniversary namin ng misis ko,” anito.

She sped through a red light at intersection of EDSA-Ortigas, barely missing a bus bound for Ayala Avenue. “Bakit? May girlfriend ka na ba?”

“Wala pa, kaya nga mag-ingat ka, for God’s sake! Sayang ang genes ko,” sagot nito na lumingon pa sa pinanggalingan nila.

“Sayang nga,” sang-ayon niyang nakangiti. And she realized what she was doing. She was flirting with him! Slight lang, pero iyon ang kanyang ginagawa. It was not even nine in the morning and she was flirting with her handsome neighbor. Kaya lang nate-turn off na yata ito sa driving skills niya. Hindi na siya nito pinapansin kundi ang mga kasabay nilang sasakyan at ang traffic signs.

Nagkibit-balikat siya. Bahala ang lalaking ito!